Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-29 NG HUNYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 39-2020**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA MAHIGPIT NA NAGBABAWAL SA PAGTITINDA NG MGA JUNK FOODS, MATATAMIS NA PAGKAIN O' INUMIN AT IBA PANG KAHALINTULAD NITO SA LOOB AT LABAS NG MGA PRIBADO AT PAMPUBLIKONG PAARALAN, SA LUNGSOD NG MALOLOS.**

Pangunahing May-Akda: Igg. MICHAEL M. AQUINO
Mga Kamay-Akda: Kgg. EMMANUEL R. SACAY, Kgg. DENNIS D. SAN DIEGO,
Kgg. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, Kgg. PATRICK S. DELA CRUZ,
Kgg. NINO CARLO C. BAUTISTA, Kgg. KIRK LOUIS NICOLAS at Kgg. ENRICO C. CAPULE

SAPAGKAT, ang Lungsod ng Malolos ay kinikilala at nagsusulong ng kalusugan at kapakanan ng ating mga anak bilang isa sa pangunahing alalahanin ng Lungsod;

SAPAGKAT, ang pagkain ng junk foods, matatamis na pagkain o' inumin o mga kahalintulad nito ay may masamang epekto sa kalusugan at nakapagdudulot ng iba't ibang sakit 'gaya ng sakit sa bato at malnutrisyon;

SAPAGKAT, sang-ayon sa pag-aaral ng World Health Organization (WHO), ang pagkain ng mga junk foods, mga matatamis na inumin at pagkain ay isa ring dahilan ng pagbagal ng pagkatuto ng isang bata;

SAPAGKAT, sang-ayon sa DepEd Order No. 08, Series of 2007, na may pamagat na **"Revised Implementing Guidelines on the Operation and Management of School Canteens in Public Elementary and Secondary Schools"**, at DepEd Order No. 13, Series of 2017, **Policies and Guidelines on Healthy Food and Beverage Choices in Schools and DepEd Offices**, na tanging *nutrient-rich foods and fortified food products* and maaaring ibenta sa mga mag-aaral at ipinagbabawal ang pagtitinda ng carbonated drinks, junk foods at mga kahalintulad nito, na siyang nakakasama sa kalusugan ng mga bata;

SAPAGKAT, ang paglaganap ng mga nasabing ipinagbabawal na pagkain at inumin ay isa ring suliranin ng mga magulang at guro;

SAPAGKAT, minamandato din ng Seksyon 16 ng Republic Act 7160 o' mas kilala sa tuguring Local Government Code of 1991 ang pagsusulong ng Kagalingang Panlahat at kabilang dito ang pagtataguyod ng kalusugan at kaligtasan ng mga mamamayan nito;

Sa bisa ng batas.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANUALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

**SEKSYON 1. – TITULO** - Ang Kautusang ito ay makikilala sa taguring "City of Malolos Anti Junk Food and Sugary Drinks Ordinance".

**SEKSYON 2. – SAKOP** - Ang Kautusang ito ay mahigpit na iiral sa loob at labas sa lahat ng pribado at pampublikong paaralan sa teritoryong hurisdiksyunal ng Lungsod ng Malolos.

**SEKSYON 3. – KAHULUGAN NG MGA SALITA:**

a) Junk Foods – mga malalasang pagkain na nagtataglay ng sintetikong kemikal na siksik sa calories at may mababang kalidad ng sustansya, gaya ng sitsirya, noodles, street foods at mga kahalintulad nito;
b) Sugary Drinks o' matatamis na inumin – ang mga inumin gaya ng mga sumusunod, subalit hindi limitado sa mga soft drinks, artificial juice, soda, energy drinks at mga kagaya ng nabanggit;
c) Labas ng Pampubliko at pribadong paaralan – tumutukoy ito sa 50 metro mula sa bakuran ng paaralan;

**SEKSYON 4.** - Mahigpit na ipinagbabawal ang pagtitinda o' pamimigay ng anuman guro ng junk foods, matatamis na pagkain o' inumin o' mga kahalintulad nito sa itinakdang lugar ng nasabing Kautusan.

**SEKSYON 5. – PAGBUO NG ANTI-JUNK FOODS AND SUGARY DRINK TASK FORCE** – Ang 'Anti-Junk Foods and Sugary Drink Task Force' ang siyang magiging pangunahing tagapagpaganap ng Kautusang ito. Ito ay bubuin ng City Health Office bilang pangunahing ahensya, Department of Education, City Enterprise and Development Office (CEEDO), ang pinuno, guro o' punong guro ng bawat paaralan at tagapangulo ng Lupon ng Kalusugan sa bawat Barangay.

**SEKSYON 6. – LAYUNIN AT TUNGKULIN NG 'ANTI-JUNK FOODS AND SUGARY DRINKS TASK FORCE'.**

a) Ang siyang mangunguna sa pagbabantay, pag-iinspeksyon at pagsisigurado ng implementasyon ng Kautusang ito; at
b) Ang siyang kikilala o' magtatakda ng listahan ng mga ipinagbabawal na pagkain at matatamis na inumin.

**SEKSYON 7. – KAPARUSAHAN** – Ang sinumang lumabag sa nasabing Kautusan ay papatawan ng kaparusahan sang-ayon sa mga sumusunod:

*Unang Paglabag* – Isang Libong Piso (P1,000.00)
*Ikalawang Paglabag* – Dalawang Libong Piso (P2,000.00)
*Ikatlong Paglabag* – Tatlong LIbong Piso (P3,000.00) at Pagsuspinde ng lisensya ng kanilang negosyo

**SEKSYON 8. – PAGHIHIWALAY NA SUGNAY** – Ang anumanng probisyon o' parte ng Kautusang ito na labag sa Saligang Batas ay ganap na pinawawalang-bisa at ang ibang parte nito ay mananatili sa pag-iral.

**SEKSYON 9. – PAGPAPAWALANG BISA** – Ang anumang umiiral na kautusan, alituntunin o' patakaran na hindi sumasang-ayon sa mga probisyon ng Kautusang ito ay idinideklarang wala nang bisa o' ganap na pinawawalang bisa o' saysay ng Kautusang ito.

**SEKSYON 10. – PAG-IRAL o' PAGKA-BISA** – Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos ang ika-labing limang (15) araw na mailathala sa pahayagang may pangkalahatang sirkulasyon o' maipaskil sa mga hayag na lugar sa Lungsod ng Malolos.

PINAGTIBAY.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL [illegible]. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO [illegible]. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kautusang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:

______________________
Petsa ng Pagtitibay:

INH. GILBERT T. GATCHALIAN
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*06302020